



Pumantay sa Taas ng Bata



Iposisyon ang sarili mo na kapantay sa mata ng bata, hawakan ang kanilang braso o sabihin ang pangalan nila para malaman nilang handa kang maging bahagi ng pag-uusap.



Gayahin



Gayahin ang tunog ng bata,
ekspresyon ng mukha, o kilos.



Maghalin-hinan



Sumali sa paboritong ginagawa ng bata.
Pagkatapos na gawin ng bata, sabihin "ako
naman" at gayahin ang kilos ng bata.



Ilarawan



Gumamit ng maikling parirala para ilarawan ang mga kilos mo at ng bata.



Makinig at Sumagot



Makinig at sumagot sa bawat salita
o kilos ng bata hangga't maari.



Palawakin



Makinig sa sasabihin ng bata at ulitin ito, at magdagdag ng salita o parirala upang mapalawak ang mensahe ng bata.




Gumamit ng mga Naglalarawang Pahayag



Magbigay ng paglalarawan ng bagay o kilos upang tumaas ang bokabularyo ng bata.



Modelo



Makinig sa sasabihin ng bata at ulitin ito, gamit ang tamang pagbigkas at baybay.



Sundan



Sundan ang sinimulan ng bata at pag-usapan ang mga bagay na may interes siya.



Gawing simple



Paikliin ang mga pangungusap kapag nagbibigay
ng direksyon.



Maghintay



Sabihin ang direksyon ng isang beses at maghintay.

Sa paghihintay binibigyan nito ng oras ang bata na maintindihan ang sinabi mo.



Gumamit ng mga Larawan



Suportahan ang pang-intindi ng bata sa paggamit ng mga bagay, litrato at kilos.



Mag-alok ng Pagpipilian



Ang pagpipili ay nagbibigay ng pagkakataon na matutunan ang mga pangalan ng bagay at ang kahalagahan na maipakita ang gusto.